

Presidential Communications Operations Office
News and Information Bureau

PUBLIC BRIEFING #LAGING HANDA PH
HOSTED BY SECRETARY MARTIN ANDANAR AND USEC. ROCKY IGNACIO
WITH TASK FORCE COVID SHIELD COMMANDER POLICE LIEUTENANT
GENERAL GUILLERMO ELEAZAR JOINT, NATIONAL ECONOMIC AND
DEVELOPMENT AUTHORITY UNDERSECRETARY ROSEMARIE EDILLON,
PRESIDENT OF THE PHILIPPINE CHAMBER OF COMMERCE AND INDUSTRY
MR. GEORGE BARCELON, PHILIPPINE EMBASSY BERN, SWITZERLAND
AMBASSADOR DENNIS YAP LEPATAN, BAGUIO CITY MAYOR BENJAMIN
MAGALONG, AND MANDALUYONG CITY MAYOR CARMELITA MENCHIE
ABALOS

April 14, 2020 (11:00 A.M. – 12:52P.M.)

SEC. ANDANAR: Magandang umaga, Pilipinas. At pagpupugay sa mga minamahal kong kababayan na nasa iba't ibang panig ng mundo, ganoon din sa lahat ng mga nakasubaybay ngayon sa kani-kanilang mga telebisyon, radyo at sa online streaming.

Ngayong araw ay muli nating sasagutin at sisikapin na bigyang linaw ang mga katanungan ng ating mga kababayan hinggil sa COVID-19 sa tulong ng ating mga resource persons na nagmula pa sa mga ahensiya ng ating gobyerno, mga lokal na pamahalaan at iba pang sektor ng ating lipunan.

Sa ngalan po ng People's Television Network, Philippine Information Agency, Philippine Broadcasting Service at Radyo Pilipinas network nationwide, crisis communications platform Laging Handa, Radio Television Malacañang at sa pangunguna ng Presidential Communications Operations Office, ako po ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar.

USEC. IGNACIO: Mula pa rin po sa PCOO, ako naman po si Undersecretary Rocky Ignacio. Dito po ay magkakaroon ng pagkakataon ang ating mga kababayan na ilahad po ang kanilang mga saloobin pagdating po sa health crisis na kasalukuyan po nating nararanasan, hindi lamang po sa Pilipinas, kung hindi sa buong mundo.

SEC. ANDANAR: Basta't sama-sama at laging handa, kaya po natin ito. Kaya naman, bayan, halina at samahan ninyo kami dito lang sa Public Briefing #LagingHandaPH.

USEC. IGNACIO: Samantala, alamin natin ang pinakahuling bilang ng mga kaso ng COVID-19 sa bansa as of 4 P.M. ng April 13, 2020. Ayon po sa tala ng Department of Health at mayroon ng 4,932 cases ang nagpositibo sa COVID-19 sa bansa; dalawandaan at apatnapu't-dalawa naman po dito ang naka-recover; habang nasa tatlong daan at labinlima naman po ang pumanaw.

SEC. ANDANAR: Sa mga nakalipas na linggo ay patuloy ang pagtaas ng bilang ng COVID-19 cases sa bansa. Kung iyong makikita, halos dumoble ang bilang ng dagdag ng kaso mula April 8

hanggang April 9 sa loob lamang nang halos 24 oras. Bumaba ito nang bahagya noong April 10 pero patuloy na tumaas mula April 11 hanggang sa kasalukuyan.

Huwag po tayong maging kampante habang nananatili ang banta ng COVID-19: Panatilihin ang social distancing; huwag na pong lumabas ng bahay kung hindi naman kinakailangan; at ugaliin ang tamang paghuhugas ng kamay.

USEC. IGNACIO: Ayon naman po sa Johns Hopkins University, mayroon nang 2,019,320 COVID-19 cases sa buong mundo kung saan 448,655 na po ang naka-recover habang mayroong 119,483 naman ang nasawi.

Dumako naman tayo sa rehiyon ng ASEAN na tinatayang nasa 20,407 na po ang kabuuang kaso ng COVID-19 kung saan 845 ang namatay mula sa sakit at 5,104 ang naka-recover dito. Nasa unang puwesto na po ang Pilipinas sa may pinakamataas na bilang ng kaso ng COVID-19 sa ASEAN, at pangalawa naman po ang bansang Malaysia na may 4,817 confirmed cases.

SEC. ANDANAR: Samantala, batay po naman sa inilabas na Administrative Order 2020-0013 ay pinalitan na po ng Kagawaran ng Kalusugan ang classification ng COVID-19 cases ayon na rin po sa guidelines ng World Health Organization. Mula sa PUI, PUM at positive patient, ngayon po ay maika-kategorya na natin ang COVID-19 patients into suspect, probable at confirmed.

USEC. IGNACIO: Samantala, paalala din po ng Department of Health, kinakailangang sumangguni sa barangay health workers or sa barangay health emergency response team kung kayo po ay naka-home quarantine at nakakaranas ng mga sumusunod – pakinggan ninyo po ito:

- Nagsimula kang hikain o nahirapang huminga; kapag nakatala nang mabilis na paghinga, tatlumpu o mas mabilis na paghinga sa loob ng isang minuto.

- Kapag po ang lagnat, ubo o iba pang sintomas ay nagtuluy-tuloy o lumala kahit pa natapos na ang nararapat na gamutan.

SEC. ANDANAR: Bayan, hinggil po naman sa inyong mga katanungan at concerns tungkol sa COVID-19, tumawag lamang po kayo sa 02-894-26843. Para naman sa ating PLDT, Smart, Sun at TNT subscribers, mangyaring i-dial lang po ang 1555. Maaari rin po ninyong tawagan ang hotline numbers ng iba't ibang ahensiya ng ating pamahalaan na makikita ninyo sa inyong TV screens. At upang maging updated po sa mga hakbangin ng pamahalaan kontra COVID-19, magtungo po sa aming COVID-19 portal. Bisitahin lamang ang www.covid19.gov.ph

USEC. IGNACIO: Ngayon naman po, Secretary, puntahan natin ang iba pa nating kasama na magbibigay ng balita mula sa iba't ibang bahagi ng ating bansa – sina PTV correspondent Alan Francisco, Dennis Principe mula sa Philippine Broadcasting Service, Julius Pacot mula sa PTV Davao, John Aroa mula sa PTV Cebu. Makikibalita din tayo sa Baguio City kasama si Mayor Benjamin Magalong. Magandang umaga po sa inyong lahat.

SEC. ANDANAR: Ngayong araw din na ito, Usec. Rocky, ay makakasama natin sina Police Lieutenant General Guillermo Eleazar, ang Joint Task Force COVID Shield Commander; at ang ating Undersecretary Rosemarie Edillon ng National Economic and Development Authority; si Mr. George Barcelon ay makakasama rin po natin, siya po ang pangulo ng Philippine Chamber of Commerce and Industry. At kasama din po natin si Ambassador Dennis Yap Lepatan, ang ating ambassador po diyan sa Philippine Embassy Bern, Switzerland; si Mayor Benjamin Magalong po ng Baguio City; at si Mayor Carmelita Menchie Abalos ng Mandaluyong City.

At makakapanayam din po natin ang ilan sa ating mga kababayan na nakatanggap na po ng ayuda mula sa ating pamahalaan – sina Malyn Lorente, beneficiary ng Pantawid Pamilya Pilipino Program; at si Mr. Sam Capacio, isang jeepney at taxi driver.

Magandang umaga po sa inyo. Kasama na po ba natin si Mayor Menchie, Rocky?

USEC. IGNACIO: Opo. Pero, Secretary, para naman po sa karagdagang balita: Muling nagbigay po ng paalala patungkol sa kinakaharap na krisis si Pangulong Duterte tungkol sa COVID-19. Nagpasalamat po si Pangulong Duterte kagabi sa lahat ng health workers at frontliners na patuloy na umaaksiyon kontra COVID-19. Inutusan po niya ang mga pulis na ihatid ang mga health workers na walang masakyan pauwi lalo na po sa gabi.

Bukod pa rito, isang magandang balita po ang inihatid ng Pangulo kagabi: Ayon sa kaniya, isang pharmaceutical company na po ang nakagawa ng antibody medicine kontra COVID-19, at sisimulan itong ilabas sa buwan ng Mayo. Pero habang naghihintay, sabi ng Pangulo, pinaalalahanan pa rin niya ang publiko na manatili muna sa kani-kanilang mga tahanan at sundin ang mga social distancing measures na ipinatutupad. Dagdag pa niya, huwag din daw maniwala sa mga kumakalat na balitang made in China o sadyang inimbento raw ang COVID-19 ng bansang China bilang isang bio-weapon dahil wala naman umanong lider ang nais mapahamak ang sarili niyang bansa.

SEC. IGNACIO: Samantala, Senador Bong Go, binisita ang mga bagong quarantine facilities sa Metro Manila. Binisita ni Senator Bong Go kahapon, April 13, ang ilang bagong itinayong COVID-19 quarantine facilities sa Metro Manila gaya ng Ninoy Aquino Stadium sa Rizal Memorial Sports Complex. At kasama niya po dito ang iba pang opisyal kagaya ni Health Secretary Francisco Duque, House Speaker Alan Peter Cayetano, Manila City Mayor Isko Moreno. At ininspeksyon din ng ibang mga kawani ang ilan pang gagawing quarantine facilities gaya ng World Trade Center at Philippine International Convention Center Forum Hall.

Nagpapasalamat si Senator Bong Go sa mabilis na pagtugon ng mga concerned officials sa kaniyang panawagan na magkaroon ng mga karagdagang COVID-19 quarantine facilities.

USEC. IGNACIO: Alinsunod dito, hinikayat din ni Senator Bong Go ang mga concerned agencies na bigyang ayuda ang mga apektadong Pilipino mula sa poor to middle class. Ayon sa kaniya, prayoridad po ng pamahalaan ngayon ang mga pinakamahihirap at mga pinakanaapektuhan ng krisis katulad din ng mga maliliit na negosyo, middle class at mga pamilyang hindi po sakop sa 18 million family beneficiaries ng DSWD. Nakahanda rin aniya ang DOLE na magbigay ng tulong sa mga apektadong manggagawa at OFW.

SEC. ANDANAR: Samantala, Social Amelioration Program ng DSWD ipapamahagi na ngayong linggo sa Las Piñas City. Narito po ang report:

[NEWS REPORT-VTR]

SEC. ANDANAR: Ngayon po naman ay simulan na natin ang ating public briefing. Makakasama po natin sina Mayor Benjie Magalong ng Baguio City at Mayor Carmelita “Menchie” Abalos ng Mandaluyong City. Magandang umaga po sa inyo Mayor Benjie at Mayor Abalos.

Unahin po natin si Mayor Benjie Magalong ng Baguio City. Sir, kumusta po ang situwasyon ninyo diyan ngayon sa Baguio City?

MAYOR MAGALONG: Good morning po sa inyo Secretary Martin at good morning Rocky. Maayos naman dito sa Baguio City at tuluy-tuloy po nating pinapatupad iyong atin pong 24-hour curfew.

USEC. IGNACIO: Mayor, kumusta na po iyong lagay ng mga ospital diyan ngayon sa Baguio City?

MAYOR MAGALONG: Sa ngayon, tatatlo na lang iyong admitted ngayon at 11 na iyong naka-recover, mayroon tayong isang death, pero dahil nga may underlying condition iyong pasyente - she had tuberculosis.

SEC. ANDANAR: Mayor, ano po iyong mga efforts naman na isinasagawa ng inyong mga barangay para hindi po ito kumalat, itong COVID-19; at sa ganoong tanong din po, sa barangay din po tayo, paano po iyong inyong distribution ng social amelioration card or social amelioration grants para sa ating mga beneficiary?

MAYOR MAGALONG: Pinapatupad po namin iyong mahigpit na control measures at containment measures po natin dito. Talaga pong hindi po natin basta-basta pinapalabas po iyong mga tao, unless essential po iyong kanilang travel at iyong mga tao lang po sa exempted ang binibigyan natin ng passes. At iyong contact tracing po namin ay ginagamitan po namin ng technology.

USEC. IGNACIO: So, Mayor papaano naman po iyong mga pinapatupad ninyong checkpoints, protocol, other safety measures, nagiging maayos po ba ito?

MAYOR MAGALONG: Wala po kaming problema pagdating po sa pagpapatupad ng aming checkpoints, mahigpit na mahigpit po rito, unless mayroon po kayong essential travel pagpasok po ng Baguio, talagang hindi po kayo papapasukin.

Pangalawa, iyon atin pong mga ginagawa sa mga markets, sa aming grocery stores, talagang ime-maintain po natin iyong kanilang mga physical distancing at iyong sinisigurado namin na talagang lahat po ng pumapasok sa market at sa grocery stores and supermarkets, kailangan pong naka-mask.

SEC. ANDANAR: Mayor, doon po sa isang tanong ko kanina. Kumusta po ang pamamahagi ng social amelioration benefits para po sa ating mga beneficiaries diyan po sa Baguio City?

MAYOR MAGALONG: Noong unang four days ay medyo nagkaroon po kami ng problema, dahil po talagang nagkakaroon po ng bottleneck dito po sa lugar po ng pagbigay po ng Special Amelioration Card form. Alam naman po ninyo na iyong Special Amelioration Card form ay talagang may bar code po iyan kaya ingat na ingat po iyong ating mga barangay officials sa pagdi-distribute. So binago na po namin iyong sistema. Ang ginawa po namin, mayroon po kaming munang ginawang Form 200 na dito po nila ilalagay iyong kanilang mga detalye, puwede po nilang i-distribute kaagad iyon. Kapag na-distribute kaagad iyon, pagdating sa barangay, sa screening, naglagay po tayo ng tatlong reputable na mga members ng community para maging member po ng screening committee at ang nangyari po no ay bumilis po iyong pag-process. Ang ginagawa po natin ngayon is iyong unang nag-apply po through the Form 200, sila muna ang ating ipa-process at sinisigurado po namin na dapat mabilis ang pag-proseso at lahat po ng screened o kaya listed na beneficiaries will be displayed po, ipa-publish po ito sa kaniya-kaniyang website and at the same time sa mga public places.

Doon naman sa DSWD, doon sa bottleneck doon naglagay po kami ng maraming tao, usually mga IT graduates at mga local government.

USEC. IGNACIO: Mayor, may tanong pa po tayo mula sa ating mga kasamahan sa Philippine Broadcasting Service na si Dennis Principe.

DENNIS PRINCIPE: Iyong tanong ay manggagaling po sa isang security guard mula sa Baguio City at ito ay si Basco 'Bong' Lubayay.

BONG LUBAYAY: Dahil sa limitadong alokasyon ng social amelioration para sa Baguio, kinokonsidera ba ang alokasyon para sa city SAC para sa hindi nabigyan ng benepisyo?

MAYOR MAGALONG: Oho, lahat po ng ating mga—basta po qualified po kayo, kasi po may criteria na sinusunod ang ating DSWD at ang ating City Social Welfare, basta pumasok po kayo at nag-qualified po kayo, talaga pong makakatanggap po kayo ng benefits ng Social Amelioration Program.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat Dennis. Alright, makakasama din po natin sa ating programa si Police Lieutenant General Guillermo Eleazar, ang Joint Task Force COVID Shield Commander ng PNP. Magandang umaga sa inyo, sir. Kasama rin po natin si Mayor Magalong sa kabilang linya.

GEN. ELEAZAR: Yes, magandang umaga or magandang tanghali sa inyo Sec. Martin, Usec. Rocky; pati na rin kay Mayor Benjie Magalong, sir.

MAYOR MAGALONG: Binabati ko lang po si General Eleazar, napaka-professional pong opisyal niyan.

USEC. IGNACIO: General, alam po namin na napaka-busy ninyo sa inyong mga pag-iikot at pagbabantay dito sa ating mga kababayan. Kumusta na po iyong PNP personnel ninyo na nag-positibo po sa COVID-19 at ano na po iyong naibigay na tulong ng PNP para sa kanila?

P/LT. GEN. ELEAZAR: Ito pong Task Force on Administrative Support is pinangungunahan naman ng aming Deputy Chief PNP for Administration na si Lt. Gen. Cascolan, para po siguraduhin na mabibigyan ng tamang atensiyon ang ating mga pulis sa kanilang protection. At the same time na ma-sustain po itong operation ng ating PNP even beyond the April 30, kung sakaling magkaroon po tayo ng modified community quarantine at para natin maisulong itong ating ginagawang programa po sa ngayon.

USEC. IGNACIO: Opo. May naging kautusan po si DILG Secretary Eduardo Año din sa PNP dahil doon sa isang malaking palengke na nakita natin na nawala iyong tinatawag na social distancing at saka talagang dumagsa ang tao sa palengke. Ang alam ko po, ang PNP talagang maglilibot sa mga palengke. Kumusta na po iyong assessment ninyo dito, ano na po ang lagay ngayon? Sumusunod na po ba iyong mga tao?

P/LT. GEN. ELEAZAR: Opo. Pinag-utos po ng ating butihing SILG na si Gen. Año na lahat po ng mga public markets is mayroon tayong pulis na nagbabantay sa labas para po makontrol natin iyong papasok. Pero nag-adjust din po kami sa utos din ng ating Chief PNP, pati po sa loob naglagay din tayo ng pulis, kasama nga ang force multiplier, para mag-caution. May megaphone at nagbabandelyo para siguraduhin na iyong mga pasaway nating mga kababayan eh sumusunod po doon sa physical distancing.

While it is true na, possibly, ito pong nandoon sa loob eh puwedeng sinasabi natin na authorized dahil they're representing their household para mag-avail ng mga basic needs and services pero lagi naman dapat tatandaan natin na ino-observe iyong physical distancing; sa loob, sa labas, sa pila. So kaya po ang ating mga Chiefs of Police ay binigyang direktiba na sa kanilang nasasakupan, magpatulong kayo sa ating mga barangay tanod at kayo mismo gumawa ng kaparaanan na masunod itong mga physical distancing, otherwise puwede po nating arestuhin iyang mga iyan.

Alam ninyo po sa ngayon eh umaabot na tayo sa 111,000 iyong atin pong nahuli sa mga violators ng curfew and other ECQ violations. At hindi po kami mangingimi na ituloy iyan. While it is true na ang atin pong prosecutors ay skeletal force at they have come up with online inquest, eh pasensyahan po, wala tayong online detention. Kaya't binabalaan natin itong mga pasaway nating mga kababayan na kung kayo po ay mag-i-insist na pagiging pasaway, magsisisi kayo kapag kayo ay naaresto dahil kayo po ay makukulong at maghihintay ng kung kailanman kayo makakalabas. Iyon po ang babala na binibigay namin sa inyo.

USEC. IGNACIO: Okay. Ano naman daw po iyong, General, na inaasahang magiging balita o magiging address ni PNP Chief Archie Gamboa?

P/LT. GEN. ELEAZAR: Well, ang atin pong Chief PNP mula pa noong bago magsimula itong ating quarantine ay iniisip na ang kapakanan ng ating mga kapulisan. At sa kaniyang kapamaraan ay gusto niyang makausap at aside from malaman ang sitwasyon ng ating mga

pulis through our regional directors, gusto niyang ipaalam basically ang kaniyang patuloy na pagsuporta sa ating organisasyon dahil ang atin pong organisasyon ay may napakahalagang role, napakaimportanteng gampanin para po sa pagpapatupad nitong ating community quarantine.

USEC. IGNACIO: General, may tanong lang po dito: Ang PNP po ba ay nahihirapan doon sa tinatawag na contact tracing natin, ano po daw ang koordinasyon ninyo with the DOH?

P/LT. GEN. ELEAZAR: Well, alam ninyo po, mayroon po tayong—kagaya ng nabanggit nga ni Mayor Magalong, kasi dati namang Hepe ng CIDG namin iyan, eh mayroon po kaming sistema kung papaano nga matutulungan sa contact tracing ang atin pong—hindi lang ang ating kapulisan, kung hindi pati na rin po iyong ating—ang ating iba't-ibang mga LGUs.

Alam ninyo po ang ating pulis ay naka-deploy iyan sa lahat ng sulok ng ating bansa through our different police stations. At through their network and coordination with the other volunteers ay makakatulong po ang ating pulis para po dito sa sistemang ito.

Alam ninyo po sa amin nga sa PNP eh, two weeks ago or three weeks ago, nagbigay ng direktiba ang ating hepe na kami po, mayroon kaming diary individual, sa lahat, kami po – 200,000 of us – dahil kung sakali man at malas-malasin na kami ay sabihin na ma-include po dito sa sinasabi nating mga affected, eh we can always go back to our diary araw-araw. Saan kami pumunta? Sino ang pinuntahan namin? Sino nakasalamuha? Anong oras iyon? So that ito po ay makakatulong din sa ating contact tracing. At iyan ay puwede natin gawin po sana sa lahat ng ating mga kababayan para hindi iyong saka ka lang magre-recall ng mga ginawa mo for the past 14 days also kung ikaw ay considered na, na affected or suspected.

SEC. ANDANAR: All right. General Eleazar, sir, kumusta po ang crime rate dito sa ating bansa ngayong panahon ng state of calamity o dito po sa Luzon na mayroon po tayong ECQ? At pangalawa po sir, ano po iyong puwede nating maibigay doon po sa ating butihing mayor sa Baguio City, si Mayor Benjie Magalong na tulong? At kung mayroon pong gustong panawagan si Mayor Benjie Magalong sa inyong tanggapan eh puwede rin po kayong sumabat Mayor Benjie. But please go ahead Sir Eleazar, kumusta po ang crime rate sa ating nasasakupan ngayon?

P/LT. GEN. ELEAZAR: Araw-araw mino-monitor natin iyong crime rate. Kinu-compare natin iyong crime incidents natin mula noong start ng ating ECQ. We are on the 29th day at sa first 28 days po nito, kung ikumpara natin iyong krimen doon sa 28 days before ng ating ECQ, sa buo pong Pilipinas bumaba ang ating 8 focused crimes – ito pong barometer ng ating peace and order – ng 57%; sa Luzon ay 63%, sa Visayas ay 52% at sa Mindanao naman ay 46%.

While it is true na talagang expected iyan dahil logically eh talaga namang walang economic activity at kokonti ang tao sa labas, pero we have to sustain this. At kaya nga nag-utos ang ating mahal na Pangulo, Mayor Duterte na iyong atin pong mga cargos eh dapat unimpeded and unhampered iyan.

Kaya iyong sistemang ginawa po natin na only the dedicated control points ang puwedeng mag-check sa kanila at karamihan ng mga libu-libo nating checkpoint ay hindi na magtsi-check ng

cargo truck, we can ensure na itong mga produktong ito makakarating sa kanilang pupuntahan so that hindi tayo magkaroon ng food shortage, hindi magkaroon ng social unrest at ma-prevent natin iyong mga kaguluhan na iniisip ng iba.

Hindi po mangyayari iyon kung magtutulungan tayo at atin pong patuloy na i-implement itong mga modification na ating ginagawa araw-araw, improvement po para po sa ating ECQ implementation.

SEC. ANDANAR: All right. General Eleazar, sir kanina kausap ko po si Secretary Ed Año at ang sabi po ni Sec. Ed Año ay suportado ng DILG iyong mga LGU na magpapatupad ng lockdown sa kanilang siyudad o total lockdown sa siyudad o barangay dahil sa mayroong mga matitigas ang ulo na lumalabas pa rin. Sir, puwede po kaming dumiretso sa tanggapan ninyo bilang Hepe po ng Joint Task Force on COVID Shield pagdating po sa mga ganitong klaseng sitwasyon na ang isang siyudad ay mag-total lockdown, kailangan pa namin ng suporta ng inyong tanggapan, sir?

P/LT. GEN. ELEAZAR: Tama po. Iyon pong sinasabi natin, mayroon tayong mga extreme, enhanced total lockdown... pero alam ninyo po sa totoo lang, wala namang absolute lockdown. Kasi kung mayroon tayong dineclare (declared) na ganoon, still, mayroon pa ring mga exempted diyan. Nandiyan ang ating mga healthworkers na kukuha at pupunta doon sa ating mga nangangailangan ng medical attention, nandiyan ang ating pulis at sundalo na magpapatupad niyan, at siyempre iyong ating mga cargo nga, mga pagkain ay dapat ay lusut-lusutan.

Pero kung mayroon po kayong problema, eh tawagan ninyo po iyon pong ating hotline ng ating Joint Task Force COVID Shield. Ito pong joint task force na ito, kasama namin dito, ng PNP ang AFP, ang Philippine Coast Guard at Bureau of Fire Protection na siyang nag-o-oversee na siguradong mai-implement lahat ng mga guidelines na ilalabas ng Inter-Agency Task Force.

SEC. ANDANAR: Maraming salamat po sa inyong panahon, General Guillermo Eleazar.

P/LT. GEN. ELEAZAR: Maraming salamat din po at magandang tanghali sa ating lahat. Mabuhay po tayo.

USEC. IGNACIO: Ngayon naman po ay makakausap natin sina Undersecretary Rosemarie Edillon ng National Economic Development Authority at si Mr. George Barcelon, ang president ng Philippine Chamber of Commerce and Industry. Sa punto pong ito, unahin natin si Undersecretary Rosemarie Edillon ng NEDA.

SEC. ANDANAR: Base po sa inyong pag-aaral USec., kumusta po ang lagay ng ekonomiya ng ating bansa ngayon?

USEC. EDILLON: Magandang umaga, Sec. Martin and USec. Rocky! Alam naman po ng lahat na mayroon tayong dalawang – tawag namin dito – “shocks.” Una is the COVID-19, pangalawa iyong Enhanced Community Quarantine. Pareho po ito na talagang magbibigay ng downward pressure sa ating economy pero ang gusto naming iparating din naman is nakahanda naman po

ang ating ekonomiya, ang ating gobyerno to make sure na hindi tayo masyadong babagsak at hanggang maaari ay mabilis po ang ating magiging bounce back kumbaga.

USEC. IGNACIO: Ano naman po iyong nilalaman, ma'am, nitong three-phase program bilang tugon po sa social and economic impact ng COVID-19.

USEC. EDILLON: Actually, noong una pa po namin ito pinropose 'no. So, iyong unang phase is iyong tinatawag naming 'response phase.' Parang sinunod po namin iyong framework ng NDRRMC kasi maayos na po iyong ating framework sa disaster 'no. So iyong response phase actually nandiyan tayo sa ngayon. Ito iyong nira-ramp up natin iyong ating mga health systems capacity, at the same time, tinutulungan natin din itong ano natin... itong—ang health system natin. Naggawa tayo ng mga lockdown of course; noong una, iyong school closure; iyong travel ban; iyong ban on crowded gatherings; and then eventually na nga itong ECQ, that's still part of the response.

So, ang sumunod natin na phase is iyong tinatawag namin na 'mitigation phase.' So, ito naman is para kasi doon sa mga naapektuhan especially ng ECQ, para hindi naman sila masyadong bumaba iyong antas ng kabuhayan, iyong welfare nila, kasi ang iniwasan natin dito, baka nga hindi sila matamaan ng COVID matatamaan naman sila ng let's say ng hunger. So, ito nandito tayo ngayon sa mitigation stage na nagbibigay tayo ng Social Amelioration Package.

Tapos ang pangatlong stage nito po iyong tinatawag nating 'transition to the new normal.' Hindi pa namin alam kung kailan tayo magta-transition talaga pero nakahanda na po ang pamahalaan, ang NEDA at saka tumutulong po ang maraming ahensya dito, tinitingnan na po namin kung ano iyong mga kailangan na polisiya, programa, para mapapadali iyong ating pag-transition to the new normal.

SEC. ANDANAR: Alright. Nandiyan ho tayo, USec. Rosemarie, ma'am. Talagang bababa ho talaga iyong growth ng ating ekonomiya. Ang sabi nga ng NEDA, ang growth ay posibleng 0 - 0.8% kung hindi po ako nagkakamali. Ma'am, ano po ba ang inyong maipapayo—

USEC. EDILLON: Minus one po.

SEC. ANDANAR: Minus one? Zero to minus one iyong growth. Ma'am, ano po ang inyong maipapayo sa ating mga kababayan kasi these are really extraordinary times, ano po ba—iyong paghihigpit ng sinturon? Ano po ba iyong maipapayo ninyo sa ating mga kababayan nang sa ganoon po ay you know, makaraos po ang ating mga kababayan dito sa hirap na pagdadaan natin ngayong taon na ito?

USEC. EDILLON: Kasama na nga po iyong paghihigpit ng sinturon pero mayroon naman pong ayuda para doon ang ating pamahalaan. Actually, ang pinakamagandang magagawa ng ating mga kababayan is to stay at home. Kung wala namang essential na gagawin, sa bahay lang muna and keep yourself health, keep yourself fit. Kung makakapag-exercise sana iyon ang isa sa mga dapat nating gawin.

Kasi ang maganda rito is huwag na tayong dumagdag ba sa poproblemahin ng ating health system, so, iyon po ang pinakamaganda rito. Tapos unti-unti po iyong magiging transition natin. Ia-announce din po namin, ipi-present po natin sa ating mga kababayan kung ano iyong nakikita namin na new normal. Ito po, ano ito, kinrowd source po namin ito, iyong definition, ano iyong nakikita ng mga kababayan natin na new normal tapos pinatungan lang namin ng karampatang policies and programs na kailangan para dito.

USEC. IGNACIO: So, papaano po iyong pakikipag-ugnayan ninyo sa mga ibang ahensya at LGU para po palakasin ang aksyon kontra COVID-19?

USEC. EDILLON: Iyon po kasing technical working group on anticipatory and forward planning, so this is chaired by NEDA, pero marami ho kaming hinatak dito na mga kadamay natin. So, nandiyan ang DTI, DOST, DOH, DBM, DOF, UP, nandiyan din siya... marami yata akong nakakalimutan pero marami, marami kaming nagtutulong-tulong sa paggawa nitong study nga na ito tapos tumulong din po ang—kasama rin po namin ang PCOO dito; tumulong din sa amin ang NTC dahil nagpakalat nga kami ng mga surveys.

So, maayos naman po. Lahat po ng nasa pamahalaan ay gusto talagang makatulong, maka-ambag para siguraduhin na mabilis iyong ating magiging bounce back dito.

SEC. ANDANAR: Alright. So, paalaala po natin iyong binanggit ninyo, iyong pinaka-una po, ma'am, mitigation ba iyon? Tapos transition, maghigpit tayo ng sinturon, stay at home. Maraming salamat sa inyong panahon, Undersecretary Rosemarie Edillon ng National Economic Development Authority. Ngayon naman po makakausap natin si Mr. George Barcelon, ang presidente ng Philippine Chamber of Commerce and Industry. Magandang umaga po sa inyo, Ginoong Barcelon!

MR. BARCELON: Magandang umaga po! Correct ko lang, ako si president emeritus ng PCCI, past president, sa ngayon president emeritus. Okay, thank you.

SEC. ANDANAR: President emeritus. Ito talagang—mayroon po tayong katanungan, president emeritus, mula kay USec. Rocky.

USEC. IGNACIO: Sir, kumusta na po iyong sitwasyon ngayon ng mga small to medium enterprise? Kasi ito po iyong nais isulong talaga ng government sa gitna po ng COVID-19.

MR. BARCELON: Oo nga. Alam mo, kahapon ng umaga mayroon iyong interview ni Secretary Sonny Dominguez sa CNN. Hindi ko alam whether kung napanood mo iyon. Ang sinabi ni Secretary Dominguez, imbes na iyong two hundred seventy-five million para ayuda natin para sa mga poorest of the poor, mayroon silang programa para sa mga MSMEs. Iyong mga empleyado ng mga MSMEs will be given a certain amount of funding. So, this is in the program, ang sabi niya ang amount is between thirty-five billion to I think eight billion. Malaking tulong din ito sa mga MSMEs because medyo nahirapan sila for the closedown for about a month already. Ang pisi nila, ang financial resources, medyo gipit na, so this is a new development.

But aside from that, ang private sector led by of course, the business organization with PA Joey Concepcion, has been discussing with the government na after the extended ECQ, ano bang plano natin to gradually phase in more economic activities, of course, without compromising iyong spreading of the COVID-19. Ang magandang development ngayon doon sa meeting held yesterday wherein the case was presented to the President and to the higher Cabinet members, ang pinag-usapan, to implement some sort of a rapid tests.

It is only through the rapid test na makita natin kung mayroon bang cluster of infection sa mga barangay o kung may ibang mga barangay okay naman sila, wala silang masyadong spread of infection. So, kung nakuha nating iyong data we can select, of course based on the criteria to be set up by the IATF, na ano ba itong mga itong mga compliance bago puwede ang mga barangay to modify iyong ECQ.

So, maganda itong development para sa mga may mga manufacturer, may mga other industries na puwede silang gradually phase in their operation. Sa ngayong complete lockdown, mabigat sa mga arawan, 'no work no pay' although they're getting some financial assistance from the government but as of now, ang alam natin this is—the lockdown is up to end of April.

Pero isang magandang mensahe ni Secretary Sonny Dominguez, sabi niya financially ang gobyerno nakahanda hanggang May, so there is good news. Hopefully, hindi dapat—na hindi kailangan mag-extend natin ng ECQ but there is a gradual normalization. But as I said, ito depende sa mga testing na ang plano ng gobyerno with the private sector and the barangay.

Kung maganda naman ang takbo, nakita natin na we are flattening the curve, then it gives us the confidence. If we have the confidence both public, government, to start gradually doing some initial stage of having some—of reviving some business operation.

So we have two weeks to go, starting today yata, balak ng gobyerno to do mass testing. So I hope itong mga data na makuha nila will bear us out na the decision of the national government to have a lockdown, total lockdown or ECQ on Northern Luzon has been effective. Alam natin ang daming problema dito sa mga transport, sa mga mobility ng mga tao, and that has brought hardship at all level of our society.

So hopefully, itong mga tests na we'll be pitching in will give us a good indicator. But alam natin na itong COVID-19, medyo—it's very virulent, very infectious. Hindi ba iyong sa Singapore, iyong last week, akala nila they are out of the woods na medyo relax na ang ano nila, iyong lockdown, all of a sudden nitong nakaraang linggo, they found out there are spikes in certain areas. Kaya lockdown na naman sila. So I hope that for us, we will make due diligence on the testing; we will still practice social distancing or safe distancing; we will practice the proper hygiene.

I heard some of the ... earlier Usec. Ruth and Usec. of NEDA, Rose, and our outlook is we are optimistic but we have been concerned.

SEC. ANDANAR: Ginoong Barcelon, sorry to cut you. Sir, sorry to cut you, susunod na po ang briefing ni Spokesperson Harry Roque. Nagbabalik na po si Spokesperson Harry Roque.

MR. BARCELON: Okay, sige, sige. Okay lang.

SEC. ANDANAR: At siya din po ay kasama sa programang Laging Handa. Mabuhay po kayo, Ginoong George Barcelon sir, salamat po!

MR. BARCELON: Thank you.

SEC. ANDANAR: Ang oras po natin, 11:45 ng umaga. Mayroon ka pa bang sasabihin, Rocky, bago natin ipasa kay Spokesperson Harry Roque?

USEC. IGNACIO: Marami po tayong mga natanggap din dito na mga katanungan mula sa MPC. I'm sure na-miss po nila si Spokesperson Harry Roque. Mga ilan din ... marami ring mga napapanahong tanong dito na talagang I'm sure ay tanong din po ng taumbayan.

SEC. ANDANAR: All right. So while waiting, makakasama naman natin ngayon si Julius Pacot mula sa Davao City. May balita po sa atin si Julius Pacot. Come in, Julius.

[NEWS REPORTING BY JULIUS PACOT]

SEC. ANDANAR: Salamat Julius Pacot mula sa Davao Region. Alas-onse kwarantana y nuebe ng umaga dito pa rin po sa Public Briefing. Alam mo, Rocky, ang mahalaga talaga dito ngayon ay matutukan din natin itong mga nabibigyan na social amelioration ng gobyerno. Dahil ngayong linggo na ito, talagang ito po talaga ang mangyayaring aktibidades ng ating mga LGUs, hindi lang dito sa Metro Manila kung hindi sa buong Pilipinas.

USEC. IGNACIO: At saka iyong pagtiyak na sinabi nga ni Pangulong Duterte kahapon, Secretary, na mayroon siyang alam na malaking pharmaceutical na mayroon nang antibody na nadiskubre na posible sa Mayo. Isa itong napakagandang balita sa lahat, pero hindi ibig sabihin nito ay maging ... katulad nang lagi mo ngang sinasabi, Secretary, huwag pa rin tayong magpakampante. Kasi alam natin na hindi naman ito agad-agad na mailalabas o makakabili ang Pilipinas sakali ngang mailabas na itong antibody na ito. So iyong social distancing pa rin, sabi nga ng DOH, napaka-importante na iyong intervention na ginagawa, iyong hindi gagamit ng gamot – social distancing, maghugas ng kamay at kumain ng masustansiyang pagkain. So ngayon muna, iyon ang mga dapat nating gawin at pairalin hanggang wala pang lumalabas na gamot laban dito sa COVID-19.

SEC. ANDANAR: Iyon, so magandang paalala iyan. Tulad ng sinabi nga sa atin ni Undersecretary Edillon ng NEDA, kung gusto mong mayroon kang may ambag sa lipunan, stay at home. Siguraduhin mo na hindi ka makahawa o hindi mahahawa, at siguraduhin na talagang malakas ang iyong resistensiya;

Number two – iyong pagkain, nandiyan na po iyong ayuda ng gobyerno, nandiyan din po iyong ayuda ng ating local government units;

Pangatlo – mahalaga din po iyong ating tinatawag na law and order. Sumunod po tayo sa ating mga pulis, sumunod po tayo sa ating mga tanod, mga barangay kapitan dahil sila po talaga ang

nagpapatupad ng ating batas sa mga oras na ito na nasa enhanced community quarantine tayo, Rocky.

USEC. ROCKY: Okay. Samantala, Secretary, makibalita po muna tayo sa Cebu, kasama si John Aroa. John, go ahead.

[NEWS REPORTING BY JOHN AROA]

USEC. ROCKY: Samantala, ipakilala din natin dito sa public briefing ang nagbabalik na Presidential Spokesperson walang iba kung di si Secretary Harry Roque.

SEC. ROQUE: Magandang umaga po sa buong bansang Pilipinas. Magandang umaga Sec. Mart and magandang umaga, Usec. Rocky.

Nagbabalik po tayo bilang Tagapagsalita ng ating Pangulo. Nagpapasalamat muna tayo sa ating Pangulo sa kaniyang pagtitiwala sa atin at ang aking marching order lang po sa ating Presidente ay ipaalam sa taumbayan kung ano ang ginagawa ng gobyerno lalung-lalo na sa harap ng paghamon na ating hinaharap ngayon.

Simulan po natin ang ating briefing sa pagbibigay ng mabuting balita. Kahapon po ay nagkaroon ng pagpupulong at nandoon po sa pagpupulong ang ating Presidente, si Secretary Dominguez, si Secretary Bautista, si Secretary Galvez, si Secretary Nograles at saka si Senator Bong Go.

Doon po sa pagpupulong kahapon ay inaprubahan po ng Pangulo ang tulong para sa ating mga small and medium scale industries or ang tulong na hinihingi po ng ating middle class. Ito po ay on top doon sa tulong na binibigay na natin sa pinakamahihirap sa ating sambayanan.

Now, ano po itong tulong na ibibigay sa ating mga small and medium enterprises? Well, simulan ko muna kung ano na po ang naibigay natin sa ating middle class. Unang-una po nagkaroon na po tayo ng extension sa mga filings, lalung-lalo na po ang BIR filings sa April 15. Iyan po ay na-move na ng isang buwan. Binigyan din po natin ng palugit iyong pagbabayad sa mga pangungutang ng ating mga kababayan ng 30-days at binigyan din po natin ng palugit ang pagbabayad sa mga upa.

Hangad po ng Presidente ay tulong sa small and medium enterprises na tatlo pong bagong packages na bigay ng ating gobyerno sa mga maliliit na mga negosyante. Unang-una po, iyong tinatawag na small business wage subsidy; pangalawa po, iyong guarantee na small business loans; at pangatlo po iyong enhanced net operating loss carry over.

Ano ba ho iyong unang package na ibibigay natin sa ating mga maliliit na mga negosyante? Well, ito ay subsidy na ibigay sa 3.4 million na mga negosyante at ito po ay magkakaroon ng halaga mula P38.5 billion hanggang 51 billion. Now, ito po ay ibibigay sa mga manggagawa ng SMEs at ito sa pamamagitan ng pagbibigay ng halagang P5,000 hanggang P8,000 kada empleyado.

Now, ang requirement lang po nitong programang ito, kung kayo po ay nakatanggap na doon sa DOLE ng P5,000 eh isang buwan na lang pong subsidy ang makukuha ninyo dito sa small business wage subsidy. Now bukod po dito ay nagkaroon din ng programa kung saan ang gobyerno ang maggagarantiya ng mga pangungutang ng mga small medium enterprises. Alam po natin na dahil nga nagkaroon ng lockdown, eh importante na magkaroon ng additional capital ang ating mga negosyante. At dahil po dito ang gobyerno ay magbibigay ng garantiya sa hanggang 60 billion pesos - kung hindi po ako nagkakamali 'no - at ito po ang ginawa ng ating gobyerno ay pinull po natin ang lahat ng guarantee funds na mayroon tayo ngayon ng sa ganoon po ay madaling makakuha ng loans ang ating mga small and medium enterprises.

At iyong pangatlo po ay iyong tinatawag na 'enhanced net operating loss carry over, over five years.' Ibig sabihin, iyong lugi po ng ating mga maliliit na negosyante dahil nga nagkaroon tayo ng ECQ ay pupuwede nilang ma-claim sa kanilang tax filings for period of five years. Mamaya po siguro ay pupuwedeng magtanong iyong mga miyembro ng media tungkol dito sa bagong package para sa small and medium enterprises.

Now, bukod po doon sa pagpupulong kahapon ay may mga mensahe din ang ating Presidente, unang-una nakikiusap po ang Presidente doon sa mga nagtatao sa ating checkpoints, nagpapasalamat po siya dahil alam po niya napakahirap ng trabaho ninyo, nakabilad kayo sa araw at siyempre po kinakailangan hong makihalubilo sa mga matitigas na ulong mga tao 'no. Pero ang pakiusap lang po ng Presidente, huwag po nating harangin iyong supply ng mga pagkain, dahil kapag hinarang po natin iyong supply ng mga pagkain, siyempre po walang makakain ang mga nakatira sa Metro Manila.

Nakikiusap din po ang Presidente doon sa mga Mayor at iba pang local government officials kinakailangan pong ipatupad ninyo ang social distancing. At hindi po mag-a-atubili ang Presidente na ipaaresto ang kahit sinong Mayor o local official na hindi po magpapatupad nitong social distancing. Ganoon din po ang pakiusap ng ating Presidente at warning doon sa mga ospital na hindi po tatanggap ng mga COVID-19 patients. Eh lahat po ng doctor ay mayroon naman kayong sinumpaang tinatawag na Hippocratic oath at kinakailangan po bigyan ng serbisyong medikal ang lahat ng nangangailangan at lalung-lalo na po iyong mga mayroong COVID-19 at sinabi po niya na ang Department of Justice ay magsasampa ng mga kaukulang kaso laban sa mga ospital na hindi po tatanggap ng mga pasyenteng mayroong COVID-19.

Now, binabalita ko rin po sa inyo na taliwas sa mga naunang balita ay sumapi po ang ating Presidente doon sa Virtual ASEAN meeting kung saan diniscuss po nila itong corona virus at mayroon pong apat na bagay na inilabas ang ating Presidente doon sa kaniyang speech, sa kaniyang talumpati.

Unang-una po ay kinakailangan magkaroon ng kooperasyon sa mga bansang ASEAN para doon po sa paggawa at manufacture noong mga healthcare systems at iba pang equipment na kinakailangan natin para labanan itong sakit na ito.

Pangalawa po, kinakailangan magkaroon ng tulongan para magkaroon po ng food security lalung-lalo na iyong supply ng bigas para sa lahat po ng mamamayan ng ASEAN.

Pangatlo po, sinabi ng ating Presidente na sinusuportahan po niya iyong inisyatibo at lahat ng researches para po makahanap na ng vaccine o gamot para dito sa COVID-19. At ang sabi nga ng Presidente, makikipagtulungan daw po tayo pagdating doon sa mga testing na gagawin para ma-apruba itong mga vaccines na ito.

At pang-apat, ang sabi po ng Presidente, hindi po kahuli-huling pandemic itong COVID, kinakailangan handa rin po ang buong ASEAN para sa susunod pang mga pagsubok.

So, siguro ngayon po ay tatanggap na ako ng mga katanungan galing po sa ating mga kasama dito sa Malacañang Press Corps.

Muli po, I am happy to be back and thank you to the President for this second opportunity to be of service to our people.

USEC. IGNACIO: May katanungan ang ating kasamang si Bella Cariaso ng MPC, ng Bandera. Kagabi daw po halatang dismayado si Pangulong Duterte sa mga Mayor na hindi daw po nagpatupad po ng social distancing. Although mayroon naman daw pong pinuri si Secretary Galvez na nagpatupad ng mahigpit na ECQ katulad ng Maynila, Valenzuela, Pasig, Marikina, Baguio, Davao, Caraga at Bicol Region. Kung mayroon daw pong partikular na pinariringgan si Pangulong Duterte kagabi?

SEC. ROQUE: Wala naman po akong alam na pinariringgan siya, pero ito po ay warning sa lahat ng mg Mayor. Alam po ninyo itong social distancing hindi nga po ito matitigil itong COVID, ito po ay nagpapabagal lamang ng pagkalat ng sakit. So, kung hindi pa natin susundin ang social distancing ay talagang mabibigo po iyong ating ninanais na mapabagal iyong pagkalat ng sakit. At siyempre po kung ang mga lokal na opisyaes ay hindi magpapatupad nito eh sino pa ang pagpapatupad ng batas. Mayroon naman po tayong sapat na batas na pupuwedeng gamitin laban doon sa mga hindi sumusunod sa kanilang katungkulan, mayroon po tayong dereliction of duty, mayroon din po tayong disobedience with lawful orders. So, iyan po ay as a matter of fact ay warning to all local government officials, kinakailangan ipatupad po ang social distancing.

USEC. IGNACIO: Okay. Sa tanong pa rin po mula kay Bella Cariaso ng Bandera: May report daw po base sa investigation ng US experts na umano ay nagmula sa Wuhan biolab ang coronavirus at hindi sa palengke. May duda daw po sa pahayag ng Chinese officials na na-contain na po iyong outbreak sa Wuhan. Sakali daw po na mapatunayan na totoo, ano po ang magiging hakbang ng gobyerno dito?

SEC. ROQUE: Naku, ayaw ko pong mag-speculate muna. Hayaan na po muna natin iyan kung saan nagmula iyang virus na iyan. Ang importante ay magkaroon po tayo ng pagsama-sama na puksain o bigyan ng solusyon itong COVID-19 na ito. I will not speculate on matters that have not yet proven, and what is important now is to delay the spread of this disease through social distancing and contribute to the effort to find a vaccine.

USEC. IGNACIO: Okay. May question pa rin daw po ang quality ng mga PPEs, testing kits from China, nag-decide na daw po iyong ibang bansa na ihinto na ang paggamit nito. Ano daw po ang gagawin dito ng Pilipinas?

SEC. ROQUE: Well alam ninyo naman po, tayo ay handa po tayong umangkat ng kahit anong equipment na kinakailangan natin. Ang problema po ngayon talaga, nagkakaroon ng matinding kakulangan! Alam naman po natin na pati mga bansang Amerika ngayon ay hindi na nag-e-export pati ng mga mask at mga PPEs ‘no, at lalung-lalo na iyong mga ventilators.

So sa atin po, nagtitiwala naman po tayo na wala tayong ginagamit dito na equipment o medical supply na hindi aprubado ng FDA kung saan nanggaling iyong produktong iyon. Dahil ito nga po ay situation of national emergency, eh mas gustuhin man natin na magkaroon nang malawakang testing para sa lahat ng mga bagay, eh hindi na nga po mangyayari ito.

Now, salamat sa tanong na iyan dahil nakalimutan ko iyong isang importanteng anunsiyo na ginawa ni Presidente kahapon. Itong rapid testing kit po ay mas mura at mas mabilis po ang resulta kaysa doon sa tinatawag na PCR testing. Ang pagkakaiba po ng PCR, ito po ay molecular test na hinahanap kung mayroon na ngang virus ang isang tao. Ang rapid test naman po, ito ay base po sa dugo at ang hinahanap nito ay antibodies. Ang antibodies, ito po iyong kabahagi ng ating immunity, ito iyong mga sundalo na lumalaban kapag nagkaroon na ng COVID ang isang tao. Natural po, kapag mayroon nang antibodies, ibig sabihin niyan eh nagkaroon ng COVID ang isang tao...

Now ang benefit nitong rapid testing, ito ay mas mura, mas mabilis at tatlo po iyong puwedeng maging resulta ng rapid testing: ikaw ay negative, ikaw ay positive, ikaw ay nagkaroon na ng COVID pero nagkaroon ka na ng immunity at hindi ka na banta sa lipunan. So ang problema po, hindi natin mabili using public funds ang rapid testing kasi wala pa pong endorsement iyong isang komite na binuo doon sa batas na sinulong natin sa Universal Health Act, iyong Health Technical Assessment Committee dahil hindi pa po tapos ang mga pag-aaral dito sa rapid testing kits. At hanggang hindi po naa-approve ng body na ito ay hindi po puwede gamitin ang public funds pambili ng rapid testing kits.

Sabi po ng Presidente, “The buck stops with me, I take full responsibility. Bibilhin po natin iyang rapid testing kits na iyan. We will use it in conjunction with PCR.” Ulitin ko po, PCR is still the gold standard; iyan pa rin po ang talagang pinakamabuting test kung tayo ay mayroon nang COVID. Pero dahil nga po kakaunti ang supply at mas mahal, eh isu-supplement po natin iyan sa paggamit ng rapid testing.

Ngayon, huwag naman po kayong mag-alala kasi ang alinlangan ng ilang mga health experts ay baka magkaroon ng false negative ang rapid testing. Well, unang-una po, ina-administer lang itong rapid testing gaya ng PCR doon sa mga may sintomas na. So kung mag-negatibo po kayo sa rapid testing, eh kinakailangan pa rin kayong mag-quarantine for 14 days dahil hindi nga po garantiya na 100% na iyong negative ay totoo. Pero ang kabutihan naman po ng rapid testing, kapag positive ay kinakailangan talagang ihiwalay ka na sa general population at iyan lang talaga ang paraan para mapigil itong pagkalat ng sakit na ito.

So kahapon po ang sabi ni Presidente, “Wala na akong pakialam,” ikulong siya kung kinakailangan siyang ikulong, pero hindi naman siya pupuwedeng umupo at walang gagawing iba dahil alam niyang importante na ma-isolate natin kung sino iyong mga positive nang sa ganoon eh mahiwalay na natin sila sa lipunan nang hindi na kumalat ang sakit. So he ordered

actually the spending of public funds for the purchase of rapid testing kits to be used in conjunction – ulitin ko po – gagamitin ito kasama po ng PCR. At doon po sa report ni General Galvez, ninanais po natin na magkaroon ng 900,000 PCR testing at mga 2.2 million rapid testing equivalent to 2.2% of the population.

USEC. IGNACIO: Okay. Mula kay Maricel Halili, Secretary: Sabi daw po ni Secretary Panelo na you are reappointed as the Presidential Spokesperson because of the present crisis requires a new tact of messaging. Ano daw po ang ibig sabihin nito at ano daw pong changes ang gagawin ninyo?

SEC. ROQUE: Naku, salamat po kay Secretary Panelo. Pero I think the question should be asked of Secretary Panelo. Ang nalalaman ko lang pong mandato, ipaintindi sa taumbayan kung ano talaga ang ginagawa ng gobyerno lalung-lalo na na mayroon tayong krisis gaya nito.

USEC. IGNACIO: Opo. Tanong naman ni Tricia Terada ng CNN Philippines: Ano daw po ang reaction ng Palace doon sa petition before the Supreme Court to make the President bare his medical records just to end doubts. Will the President oblige?

SEC. ROQUE: Alam ninyo po ang kasagutan ko diyan, bring it on. We welcome the opportunity because this will enrich our jurisprudence kung kailan ba talaga mapupuwera ang Presidente na i-reveal ang kaniyang karamdaman. Malinaw po ang sabi ng Saligang Batas: Kinakailangan, kapag mayroong serious illness, eh kinakailangan i-report ng Presidente ito sa taumbayan.

Now ang Presidente ay nagdesisyon na kung mayroon man siyang karamdaman, ito ay karamdaman na ang lahat ng 75-year old, ay mayroon din. Kaya ang tingin niya, hindi po ito serious illness at hindi kinakailangang i-report sa taumbayan dahil ang pagiging presidente naman, hindi ibig sabihin niya ay wini-waive na niya iyong tinatawag nating confidentiality of medical condition and records.

Gayunpaman, may mga dalawa pa akong obserbasyon: Number one, ang Presidente po ay absolutely immune from all suits. Ako po, noong panahon na ako ay mahilig magsampa rin ng kaso sa Supreme Court, David vs. Arroyo, malinaw po ang sabi ng ating Korte Suprema roon – hindi mo pupuwedeng idemanda ang Presidente kahit anong demanda iyan habang siya ay presidente. Siguro ang only exception ngayon diyan ay iyong writ of amparo dahil nagkaroon na tayo ng writ of amparo promulgated by the Supreme Court;

And pangalawa, siyempre the Supreme Court is a trier of law. It is not a trier of fact, and because the Constitution says that it is only when the president has serious illness will he have the obligation to report to the people. Eh sino po magdi-determine kung serious o hindi ang sakit ng presidente? Hindi po kaya gawin iyan ng Supreme Court, kinakailangan po Regional Trial Court ang magdesisyon diyan!

So ang aking fearless prediction, madi-dismiss po iyan but we welcome the opportunity of this petition to at least, as I said earlier, to build jurisprudence, to make jurisprudence and to define specifically the obligations of the president in case of an illness.

USEC. IGNACIO: Opo. Halos pareho din ng tanong si Tricia ng CNN Philippines at si Joseph Morong ng GMA-7: “If the medicine against coronavirus won’t be available by May, does it mean that the community quarantine will carry on or is the President considering to ease-up the lockdown by then?”

SEC. ROQUE: Well, as in fact, thank you again for that question because nakaligtaan kong sabihin na nagkaroon na po ng initial discussions kung anong mangyayari pagkatapos nitong two additional weeks of extension ng ECQ. At ito po ay sa pamamagitan ng report ni Presidential Adviser Joey Concepcion at ni Secretary Dominguez. Marami po silang mga suhestiyon: Ilan sa mga suhestiyon ni PA Concepcion ay ito ngang mass testing. Kung pupuwede gawin na lang barangay level ang quarantine, hindi naman buong Luzon. Ilan mga industriya, lalong-lalo na iyong manufacturing, eh payagan nang magsimula pero iyong mga non-essential industries ay kinakailangan sarado pa rin.

Si Secretary Dominguez naman po mas maraming naging solusyon on the basis of geographical location, iyong mga lugar na wala naman masyadong kaso ng COVID, pupuwede na sigurong i-relax ang enhanced community quarantine sa mga lugar na iyon; Mayroon din siyang suhestiyon na iyong tinatawag na comorbidity, kasi itong COVID-19 po ay deadly para doon sa mga mayroon nang existing na mga karamdaman gaya ng sakit sa puso, diabetes, respiratory problems, cancer. At isang suhestiyon ay mananatiling lockdown itong mga taong may mga ganitong sakit kasama po iyong mga kasama nila sa bahay.

Mayroon ding suggestion si Secretary Dominguez na ilang mga manufacturing industries ay buksan na. Pero ang tanong talaga at wala pa naman talagang desisyon kung anong mangyayari after these two months ECQ is: Paano natin babalansehin iyong obligasyon ng estado na pangalagaan ang kalusugan ng ating mga mamamayan dahil nga dito sa banta ng COVID-19 doon sa katotohanan na kinakailangan naman magkaroon ng kabuhayan ang ating mga kababayan.

Siguro kung sapat-sapat ang ating kaban ng bayan, hanggang hindi nawawala ang COVID-19 ay ipagpapatuloy natin ang ECQ. Pero hindi nga po ganoon. Hindi po tayo napakayamang bansa na kaya nating pakainin ang lahat indefinitely. Kaya humahanap po tayo ng balanse – ano iyong punto na hindi naman masasabi na naging pabaya ang gobyerno na pangalagaan ang kalusugan laban sa COVID-19 at iyong katunayan ‘no na kinakailangan naman magkaroon ng kabuhayan ang ating mga mamamayan. Wala pa pong desisyon, bagama’t si Secretary Dominguez po ay nagbigay ng iba’t ibang suhestiyon galing din sa iba’t ibang mga pag-aaral, isa na diyan iyong pag-aaral galing sa UP School of Economics at iyong mga pag-aaral na ginawa rin ng WHO at iba’t iba pang mga institusyon.

USEC. IGNACIO: Opo. Secretary, dalawang tanong na lang po. Mula kay Angel Ronquillo ng DZXL. Ano daw po ang reaksiyon ng Palace sa sinabi ni Senator Tolentino na kailangan po daw ng presidential proclamation para sa pagsasapubliko sa pagkakakilanlan ng COVID-19 patients.

At iyong kay Hannah Sancho ng Sonshine Radio: “Bubuksan po ng Marikina ang COVID-19 testing center kahit hindi daw po pagbigyan ng DOH, kung papayagan daw po ito ng Palasyo?”

SEC. ROQUE: Well, doon sa unang tanong po, hindi ko pa po iyan nadi-discuss kay Presidente. Bagama't ang pagkakaalam ko, bilang isang abogado po 'no, dalawa po itong kinakailangang balansehin 'no: Unang-una, iyong karapatan ng taumbayan na magkaroon ng confidentiality pagdating sa kanilang medical records 'no. Ito naman po ay nasa Saligang Batas, sa Bill of Rights, at iyan po ay kinikilala rin sa larangan ng International Human Rights Law. At ang isang kaso nga po na kailan lang nadesisyunan ay iyong kaso ni Naomi Campbell, iyong supermodel, na ang sabi ng UK House of Lords ay maski siya ay isang public figure ay hindi naman ibig sabihin na siya ay wala nang karapatan para magkaroon ng confidentiality pagdating sa kaniyang mga medical condition.

At the same time, nandiyan naman po iyong police power ng estado na kinakailangan gawin ng lahat para maiwasan ang pagkalat ng isang nakakahawang sakit gaya ng COVID-19. At dahil nga po mayroong ganitong kapangyarihan ang estado ay mayroon tayong tinatawag na kapangyarihan na mag-impose nga ng quarantine. Kaya nga po iyong ligal na basehan para sa ECQ ay iyong kapangyarihan ng Presidente pursuant to police powers 'no na pangalagaan iyong kalusugan ng komunidad.

So tingin ko po, kinakailangang balansehin din iyan 'no. So ang aking naiisip na solusyon ay kinakailangan alam natin kung sino iyong may COVID-19, kinakailangan ihiwalay sila sa general population pero hindi naman siguro kinakailangan na pangalanan sila 'no. Gaya ng ginagawa natin ngayon, we give them numbers para naman napuprotektahan pa rin ang kanilang identity.

Pero, uulitin ko po, nandiyan pa rin ang kapangyarihan ng estado para ihiwalay sa general population iyong mga tao na pupuwedeng makahawa. So hindi po natin pupuwedeng pigilan ang gobyerno na i-quarantine ang mga posibleng magkalat ng sakit na ito.

Pero hindi pa po iyan nadi-discuss ng Presidente at hindi ko pa rin po nakikita kung ano iyong final recommendation ng IATF; at tatanungin ko po kay Presidente specifically kung ano ang kaniyang thoughts on this particular recommendation – kung mayroon na pong final recommendation ang IATF.

Iyong last question, can I have the last question po?

USEC. IGNACIO: Secretary Roque, maraming salamat po—

SEC. ROQUE: Hindi ko pa ... iyong last question po.

USEC. IGNACIO: Pahabol na question, iyong sinabi ni Joyce Balancio, katulad din po ng tanong ninyo sa coronavirus antibodies, iyong vaccine. And then iyong kay Henry Uri: Ang sagot daw po ng Pangulo sa rekomendasyon na matitigas ang ulo sa NCR na hindi nagpapatupad ng social distancing. At saka iyong tanong ni Joseph Morong na bakit daw po hindi dumalo sa ASEAN—kanina po sinabi ninyo na um-attend po ang Pangulo doon sa ASEAN meeting kanina. And then si Joyce Balancio, sinagot ninyo na rin po iyong sa SMEs na inaprubahan ito ng Pangulo at naglaan po ng pondo.

SEC. ROQUE: Well, uulitin ko lang po ‘no, kung magkakaroon na talaga ng gamot o vaccine, hindi na natin pag-uusapan ang kahit anong quarantine kasi tapos na ang problema. Pero habang wala pa tayong solusyon, hindi po matatapos ang problema ng COVID-19. Hindi ko po alam kung ano ang magiging desisyon matapos ang buwan ng Abril. Pero kahit ano po ang maging desisyon, nandiyan pa rin po ang banta ng COVID-19 habang wala pa tayong vaccine.

So uulitin ko po: hahanap po tayo ng balanse doon sa obligasyon na pangalagaan ang kalusugan at iyong karapatan ng mga mamamayan na magkaroon ng hanap-buhay. At tayo po ay magdasal na talaga naman the Lord will guide our policy makers in making the right decision as far as this is concerned.

Pero tayo naman po ay hindi nag-iisa. Ang buong mundo po ay ganito rin ang problema. Kaya nga po bagama’t matindi ang ating paghamon, we can learn from the experience from others; we can look to the example of China which was the epicenter at kung ano ang ginawa nila para matigil iyong pagkalat at ano po ang ginagawa nila ngayon post COVID-19. So tingin ko po, matindi ang paghamon but it is not insurmountable.

USEC. IGNACIO: Okay. Maraming salamat po, Presidential Spokesperson Harry Roque. Welcome back po, sir.

SEC. ROQUE: Maraming salamat po at magandang umaga po sa inyong lahat.

USEC. IGNACIO: Samantala, makibalita naman po tayo kasama si Dennis Principe.

[NEWS REPORTING BY DENNIS PRINCIPE]

[NEWS REPORTING BY SHORA SARIGALA]

SEC. ANDANAR: Maraming salamat Dennis Principe. Sa puntong ito, makakapanayam naman natin si Mayor Carmelita ‘Menchie’ Abalos. Magandang po sa iyo Ma’am Menchie.

MAYOR ABALOS: Yes, magandang umaga Secretary Martin. Magandang umaga po sa inyong lahat diyan.

SEC. ANDANAR: Kumusta po ang sitwasyon ninyo diyan ngayon sa Mandaluyong, ma’am?

MAYOR ABALOS: Okay naman dito sa aming lungsod sa Mandaluyong. Sa ngayon po, mayroon po kaming 183 positive and of course iyong amin pong PUM 225 at iyong amin pong PUIs 458, ganoon kadami. And at the same time, iyon pong aming death, 30-something... death po namin is 39. COVID positive is 20 and the PUI death is 19, kaya 39 ang total ng death namin dito.

SEC. ANDANAR: All right. Ano po ang lagay ng mga ospital diyan sa inyo pagdating po sa mga pasilidad at supply ng medisina?

MAYOR ABALOS: Iyon pong aming hospital ngayon Secretary, iyong aming MCMC, sobra na ang dami ng mga pasyente, at talagang sobra, kaya ngayon nagpagawa kami ng makeshift hospital. Siguro tomorrow puwede na naming gamitin at iyong labas namin dito, mayroon kaming mga nagbigay ng tent, at the same time po mayroon po kami, iyong bigay po sa amin ng EEI, ginawang makeshift hospital.

So iyong makeshift hospital po namin dalawa sa labas para po sa non-COVID patient. Kasi once naipasok na sa aming hospital ngayon, talagang sobra na po, umaapaw na iyong mga COVID patients. Kaya punung-puno na, baka magsasara kami for the meantime po ng per level ng hospital para lamang po ma-disinfect na kasi po lahat talaga ng aming mga pasyente na ngayon doon, halos lahat COVID patients na.

Iyan ang decision natin, at the same time, ini-schedule na po namin na lahat ng aming mga frontliner, ipapa-testing po namin ito. Lahat sila kailangan mag-undergo ng testing weekly para sa ganoon eh makasiguro tayo na talagang lahat ng ating mga doctors, nurses, lahat ay maging COVID-free. Kasi kung sila mismo po, hindi natin malalaman kung sila ay carrier o hindi, iyan ang importante po. Kaya weekly po, papagawan namin po sila ng testing talaga!

SEC. ANDANAR: Mayor Menchie ma'am, kumusta po ba ang law and order diyan? Sumusunod ba lahat ng mga kababayan natin sa polisiya ng enhanced community quarantine o mayroon pa rin po bang mga pasaway?

MAYOR ABALOS: Yes, mayroon pa rin, mga pasaway, mga ano... Kasi talagang kahit na tutukan mo nang tutukan, mayroon pa din. Pero ang pinapaano ko na talaga po ito sa mga barangay captain, talagang sinasabi ko sa kanila na kung puwede papasukin ninyo iyong mga tao ninyo, na wala na munang lalabas. Kaya talaga ang hirap, pero somehow may mga areas na talagang sumusunod, may mga areas na pasaway pa rin. Pero challenge talaga sa mga kapitan namin dahil kailangan nilang mapasunod iyong mga tao na mag-stay at home sila.

SEC. ANDANAR: Eh papaano po ma'am, alam naman po natin na iyong Mandaluyong ay nasa gitna; ito po ay nasa gitna ng San Juan, nasa gitna rin po ito ng Pasig at nandiyan din po iyong Makati. So papaano po iyong mga—

MAYOR ABALOS: Makati and Manila...

SEC. ANDANAR: Manila... Eh papaano po iyong mga ibang mga motorist na hindi naman taga sa inyo at patuloy pa rin ang pagbiyahe diyan sa lugar ninyo?

MAYOR ABALOS: Yes. Hindi ko naman puwede kasing ipasara dahil alam naman natin na daanan talaga iyong aming lungsod. Limitado naman, na hindi na lang namin ipinagbabawal iyong pagpasok kasi hindi ka talaga makakadaan papuntang Quezon City kung galing kang Makati kung hindi ka dadaan sa Mandaluyong. Pinapayagan naman namin basta importante lamang tsini-check iyong thermometer nila and at the same time inaalam kung saan talaga sila papunta. Pinapayagan namin iyan, iyong papuntang Manila to Pasig...

USEC. IGNACIO: Opo. Kuwentuhan ninyo naman po kami doon sa 95-year old COVID-19 survivor from Mandaluyong City. Kahit nag-survive po siya sa COVID, ano pa iyong tulong na ibibigay po ng inyong pamahalaan sa kaniya?

MAYOR ABALOS: Yes. Actually si Lolo Crisencio is a 95 years old na senior citizen namin, member dito. Noong na-admit siya diyan, I think almost one month siya; talaga as in wala siyang kamag-anak, wala siyang bisita doon dahil nga bawal, hindi ba. So noong nag-negative siya last two weeks ago, nag-negative na siya eh, kaya lang kailangan niya i-undergo iyong another 14 days na quarantine pa rin. So dito na namin siya inalagaan, binigay namin lahat iyong mga vitamins, iyong gatas niya kaya talagang sobrang tuwang-tuwa kami noong na-survive ni lolo itong COVID.

And then iyong kaniyang asawa isa a 98 years old na naghintay lang sa kaniya, kaya noong pinasundo na namin siya [garbled] emotion niya noong nakita niya iyong anak niya na talagang nandiyan na, na talagang sobrang tuwa. And up to now, sabi ko nga doon sa family, sa anak, na anything na kailangan ni lolo just let me know, kami na mismo ang magpapadala doon sa bahay nila; lahat ng gamot niya, gatas niya... Pati iyong sa kaniyang asawa na 98 years old, pinapadamay ko na rin nang para sa ganoon isahan na lang kasi nga kailangan natin tulongan natin sila doon. Pero okay naman sila na.

USEC. IGNACIO: Okay. Kami po ay nagpapasalamat diyan sa ginawa ninyong tulong sa lolo nag-survive po sa COVID-19 at siyempre sa kaniyang asawa – salamat po, Mayor Carmelita ‘Menchie’ Abalos ng Mandaluyong City. Salamat po and stay safe po.

MAYOR ABALOS: Thank you din. Thank you Secretary Martin and of course sa iyo, Usec. Ignacio. Maraming, maraming salamat po sa pagkakataon. And of course sa aking mga kababayan, stay lang po kayo sa bahay ninyo at lahat naman po ginagawa namin para po kayo ay mapangalagaan ang inyong kalusugan at ang inyo pong kapakanan. Magandang hapon and God bless you all.

USEC. IGNACIO: Okay, salamat po. Samantala, makibalita naman po tayo kay Allan Francisco, live sa Quezon City. Allan...

[NEWS REPORTING BY ALLAN FRANCISCO]

SEC. ANDANAR: Maraming salamat, Allan Francisco. Sa puntong ito naman ay makakapanayam natin ang ilan sa mga kababayan nating nakatanggap na ng ayuda mula sa pamahalaan. Sina Malene Laurente, miyembro ng Pantawid Pilipino Program; at si Mr. Sam Capacio, isang driver ng jeepney at taxi. Magandang tanghali po sa inyong dalawa!

MR. CAPACIO: Magandang tanghali din po, sir!

SEC. ANDANAR: Kumusta ang sitwasyon ng inyong pamilya ngayon sa gitna ng Enhanced Community Quarantine?

MR. CAPACIO: Medyo gutom na rin po, wala na pong makuhanan ng pagkain eh.

USEC. IGNACIO: Pero magkano po ba iyong natanggap ninyong ayuda, sir?

MR. CAPACIO: Ang nakuha ko pong ayuda sa LTFRB, eight K [thousand] po.

USEC. IGNACIO: So, ngayon po may mga gusto pa po kayong—kailangan pa ring tulong mula sa pamahalaan?

MR. CAPACIO: Opo, kailangan din po pa rin namin ng tulong kasi po nagpapagatas pa rin ako sa mga anak ko at mga gastusin sa bahay.

USEC. IGNACIO: Kumusta na po kayo—

SEC. ANDANAR: Kailan ninyo natanggap ang eight thousand at ano ang binili ninyo sa eight thousand pesos?

MR. CAPACIO: Ang binili ko po sa eight thousand iyong pagkain at mga gatas ng anak ko.

SEC. ANDANAR: Pang-ilang—ilang araw ho, ilang linggo iyong konsumo na binili mo?

MR. CAPACIO: Nag-ipon naman po ako ng pang-isang linggo pero may natira pa naman ako. Paabutin ko po siya ng hanggang matapos ang lockdown, pagkakasyahin ko po.

SEC. ANDANAR: Okay. Siguro na maganda rin na tayo ay—

MR. CAPACIO: Magtitipid-tipid.

SEC. ANDANAR: Oo, kailangang magtipid-tipid talaga dahil sa panahong itong krisis eh hindi natin alam kung hanggang kailan itong lockdown na ito, although nakalagay ay April 30 pero kailangan pa rin nating magtipid-tipid. Sabi nga nila, you have to save for the rainy days. So, at least mayroon kang nabili for one week, so mayroon ka pang natitira para sa susunod na tatlong linggo.

MR. CAPACIO: _____

SEC. ANDANAR: So, ngayong araw na ito hindi kayo magugutom?

MR. CAPACIO: Hindi po.

SEC. ANDANAR: Okay, very good. Salamat, sir! Kumustahin naman natin si Malene Laurente. Malene, come in.

MS. LAURENTE: Yes, po. Good afternoon po sir!

SEC. ANDANAR: Okay, Magkano natanggap mo, Malene?

MS. LAURENTE: Hello?

SEC. ANDANAR: Malene, magkano ang natanggap mo mula sa DSWD? Magkano ang natanggap mo na ayuda?

MS. LAUENTE: Yes po, sir. May natanggap akong ayuda galing po kay President Rodrigo Roa Duterte po, is five thousand one hundred fifty po.

SEC. ANDANAR: Five thousand one hundred fifty. Pero ikaw din ay tumatanggap doon sa 4Ps bukod doon sa five thousand na natanggap mo?

MS. LAUENTE: Yes po, sir.

SEC. ANDANAR: Okay. So, ano naman bibilhin mo diyan sa five thousand?

MS. LAUENTE: Sa five thousand one hundred fifty po, sir, bumili po ako ng pagkain namin at saka vitamins po ng anak ko. Katunayan po, sa iba po hinahati-hati ko po as bilang 4Ps beneficiary po, namimigay—namamahagi po ako sa mga kapit-bahay ko po ng relief goods kasi po halos po ang karaniwan po ng kapit-bahay ko puro po nangungupahan po ng bahay at may mga anak din po. So, maraming salamat kay President na isa ako sa nabiyayaan ng kaniyang ayuda po.

USEC. IGNACIO: So, ibig mong sabihin, nakatanggap ka ng ayuda and at the same time, tumutulong ka pa rin sa iyong mga kasamahan o kapit-bahay na nangangailangan ng tulong?

MS. LAURENTE: Yes po, ma'am.

USEC. IGNACIO: Napakabuti mong ano... and sana magtuluy-tuloy ang ganiyang pananaw mo kasi sa ganitong pagkakataon sabi nga natin, kailangan talaga sama-sama tayo, laging handa at siyempre, pairalin natin iyong magandang pananaw na matatapos din ito at—may gusto ka bang sabihin sa ating pamahalaan?

MS. LAURENTE: Yes po, ma'am. Sa panahon po ngayon, ma'am, wala pong mayaman at mahirap po, ma'am. Kung makikita ko po iyong kapwa ko na kailangan po nila ng makakain siyempre po kahit mahirap din po ako, bibigyan ko rin po. At masaya na ako na isa akong—kahit wala akong milyon, milyon, nabibigyan ko po sila kahit kaunti po. Bilang 4Ps beneficiary po, kahit papaano po may naiipon din po ako at mayroon di po akong backyard garden, may alkansiya din po ako. So, sa panahon pong ito mayroon po akong madudukot. Kung ako po ay walang-wala at ang amin pong [SIGNAL FADE]

SEC. ANDANAR: Yes, Malene. Ang importante ay hindi ka magugutom ngayong araw at ang anak mo, Malene ano?

MS. LAURENTE: Yes po.

SEC. ANDANAR: So, pang-ilang linggo iyong binili mong pagkain?

MS. LAURENTE: Opo...

SEC. ANDANAR: Malene, can you hear me? Naririnig mo ba ako, Malene?

MS. LAURENTE: Yes po, yes po, sir.

SEC. ANDANAR: Para [sa] ilang araw, ilang linggo ang mga pinamili mo na pagkain para sa anak mo at sarili mo?

MS. LAURENTE: Sir, iyong sa ayuda [SIGNAL FADE] dalawang linggo po, sir.

SEC. ANDANAR: Okay. After two weeks mayroon ka pa bang mahuhugot diyan? Mayroon ka bang makukuhang pera? May ipon ka ba?

MS. LAURENTE: Yes po, kahit papaano po, sir. Siguro po bubuksan ko na lang po iyong aking alkansiya po para po matustusan ko po iyong aming pagkain.

SEC. ANDANAR: Alright. Maraming salamat, Malene at Sam. Ingat po kayo. Samantala, isang pagsaludo naman ang ating ihahandog sa mga kapatid natin sa deaf community. Panoorin po natin ito.

[VIDEO TRIBUTE]

USEC. IGNACIO: Maraming salamat po kay Miss Caroline Dagani, ang Presidente po ng Philippine Federation of the Deaf at ang kaniyang voice interpreter na si Dr. Liza Martinez, ganoon din kay Miss Ivette Aporado-Bernardo at sa kaniyang voice interpreter na si Dr. Marie Therese Angeline Bustos.

SEC. ANDANAR: Sa puntong ito makakasama rin po natin ngayon si Ambassador Dennis Yap Lepatan ng Philippine Embassy diyan po sa Berne, Switzerland. Magandang umaga po sa inyo, Ambassador.

AMB. LEPATAN: Magandang umaga rin po sa inyong lahat diyan, Secretary, Usec at sa mga kababayan natin sa Pilipinas. Mula po ito sa Berne, Switzerland.

SEC. ANDANAR: Salamat po sa pagpapaunlak. Kumusta po ang lagay ng mga kababayan natin ngayon diyan sa Berne, Switzerland?

AMB. LEPATAN: Sa ngayon po ay mukhang okay naman, wala naman kaming nababalitaan na mga kababayan natin na may mga problema. May dalawang kaso lang po na na-infect ng COVID, iyong isa po na ospital ngunit na-discharge na po, iyong isa naman po ay home quarantine. May limang kaso pa sa Geneva, mayroon po tayong konsulado doon at sila po ang umasikaso sa limang kaso at mukhang okay naman – kalmado po iyong sitwasyon dito.

USEC. IGNACIO: Ambassador, si Usec. Rocky po ito. Pero ano po iyong mga tulong na handang ibigay ng embahada dito sa ating Filipino community sa Switzerland?

AMB. LEPATAN: Sa ngayon po ay naglalabas kami regularly ng mga advisories para sa kapakanan na rin nila. Iyong kagaya po ng mga tulong na puwedeng maibigay ng gobyerno, ng embassy para sa kanila ay nasa website at Facebook (page) namin. Iyong hotline po namin ay 24/7 na bukas. Iyong embahada po ay sarado sa publiko, pero work-from-home po kami, so nagpo-provide pa rin kami ng mga consular services doon sa mga urgent at mga emergency cases tulad ng mga kababayan natin na kailangang mag-renew ng kanilang mga work permit. So inaasikaso pa rin namin iyon by mail/email at kung kailangang pumunta mismo sa embahada ay bukas rin po naman iyong embahada.

SEC. ANDANAR: Ano po iyong advise ninyo, Ambassador, sa mga Pinoy na gusto pong bumalik sa Pilipinas mula po diyan sa inyo sa Switzerland?

AMB. LEPATAN: Wala pa naman kaming natatanggap na mga hiling na gustong umuwi, pero ang maipapayo po namin ay baka mas maganda po stay in place na muna, kasi mas delikado po iyong nagbibiyahe, iyong risk na ma-infect sila ay mas malaki lalo na po iyong pupuntahan nilang airport, doon po iyong mga hotspots dito sa Switzerland.

So, may isa pong nag-inquire about iyong possibility ng repatriation, pero noong nakausap naman ng duty officer sa ating embassy ay mukhang na-assure naman na mayroon silang matatakbuhan kung kailangan.

Maganda naman po iyong mga serbisyo dito: Mga health services, hindi naman overloaded iyong hospitals nila; iyong ICU nila 60% lang ang utilization. Sa tingin ko mas magandang stay in place na muna, kaysa mag-risk na magbiyahe at malayo ang Pilipinas baka ma-infect pa sila.

USEC. IGNACIO: Opo, aside from that, alam naman po natin na ang COVID-19, apektado po ang buong mundo, pero kayo po ano po iyong mga mensahe pa ninyo sa ating mga Filipino community diyan sa Switzerland?

AMB. LEPATAN: Sinasabi po namin sa kanila na sundin ang lahat ng advisories ng mga Swiss authorities tungkol sa stay at home, iyong mga hygiene at sanitation measures para hindi sila ma-infect ng virus.

SEC. ANDANAR: All right, maraming salamat po sa inyong panahon, Ambassador Dennis Yap Lepatan. Ang ating Ambassador po diyan sa Berne, Switzerland. Mabuhay po kayo!

AMB. LEPATAN: Maraming salamat din po.

SEC. ANDANAR: Tayo ay nangungumusta at patuloy po tayong nagdarasal sa ating kaibigan, although siya ay naka-survive na Rocky, itong si Tandy Almerol na nandiyan siya ngayon sa Europa, siya ay nanunuod ngayon. Salamat Tandy sa pag-text mo sa amin.

USEC. IGNACIO: Maraming salamat din po sa mga nakasama nating panauhin ngayong umaga, sina Police Lieutenant General Guillermo Eleazar, ang Joint Task Force COVID Shield commander, Undersecretary Rosemarie Edillon ng National Economic and Development Authority, si Mr. George Barcelon, ang president emeritus ng Philippine Chamber of Commerce

and Industry, nakasama din po natin si Dennis Yap Lepatan ng Philippine Embassy in Berne, Switzerland, si Mayor Benjamin Magalong ng Baguio City. Nakausap din po natin ang iba nating mga kababayan na nakatanggap na po ng ayuda mula sa ating pamahalaan, sina Malyn Laurente, miyembro ng Pantawid Pamilyang Pilipino Program at si Mr. Sam Capacio, isang jeepney at taxi driver.

Nakasama din po natin ang Philippine Broadcasting Service, PTV Davao, PTV Cebu at ang Kapisanan ng mga Brodkaster ng Pilipinas. Nais po nating i-acknowledge, bigyang pagsaludo ang Filipino Sign Language Access Team for COVID-19 para sa wala pong sawang pagsuporta sa ating programa.

SEC. ANDANAR: Diyan po nagtatapos ang aming programa, ito po ang programang Public Briefing. Ugaliing maging updated sa mga balita hinggil sa COVID-19 sa bansa at ganoon din sa mga hakbang ng ating pamahalaan upang masugpo ito. Patuloy po lamang na tumangkilik, sumubaybay at makinig sa mga lehitimong news sites. Ako po muli ang inyong lingkod, Secretary Martin Andanar, mula sa Presidential Communications Operations Office.

USEC. IGNACIO: Higit sa lahat po huwag tayong basta maniniwala sa ilang mga nababasa online, maging maalam po at maingat po tayo sa pagharap sa suliraning ito. Mula pa rin po sa Presidential Communications Operations Office – ako naman po si Usec. Rocky Ignacio.

SEC. ANDANAR: Laging tandaan – basta’t laging handa at sama-sama, kaya natin ito!

###

Source: PCOO-NIB (News and Information Bureau-Data Processing Center)